Medicaid

This is an Official U.S. Government Product

# PAANO MAGSISIMULA

## Isang Buod ng Medicaid

## MAGSIMULA TAYO

Ang Medicaid (tinatawag ding Medical Assistance) ay isang pinagsamang Federal at estadong programa na tumutulong sa pagbayad ng mga medikal na gastos para doon sa mga tao at mga pamilya na limitado ang kinikita at kaunti lamang ang resources. Babayaran ng Medicaid ang mga kalahok na doktor, mga parmasyotiko, mga ospital, o ibang mga provider para sa iyong pangangalaga.

Pagpapasiyahan ng bawat estado kung ano ang ituturing na kita at resources, kung sino ang kwalipikado, anong mga serbisyo ang sakop, at ang gastos para sa mga serbisyo. Pagpapasiyahan din ng mga estado kung paano palalakarin ang kanilang mga programa basta sinusunod nila ang mga Federal na pamantayan. Dahil dito, may 56 iba't-ibang mga programa ng Medicaid — isa para sa bawat estado, teritoryo, at para sa District of Columbia.

## SAAN AKO MAG-AAPLAY

Sa pangkalahatan, kung limitado ang iyong kinikita at resources, dapat kang mag-aplay para sa Medicaid sa estado kung saan ka nakatira. Ang mga patakaran para sa pagbilang ng iyong kinikita at resources ay paiba-iba, depende sa estado. Kasama sa resources ang pera sa isang checking o savings account, stocks, at bonds. Mayroon ding mga tanging patakaran para sa mga nakatira sa nursing homes at para sa mga batang may kapansanan na nakatira sa bahay.

Kung mag-aaplay ka at naaprubahan ka para sa Medicaid, makakatanggap ka ng sulat ng pag-apruba, at maaaring makatanggap ka rin ng card na gagamitin kapag kumukuha ka ng mga serbisyo sa health care.

## KWALIPIKADO BA AKO?

Maaaring kwalipikado ka para sa Medicaid kung natutupad mo ang requirements para sa iyong estado. Bukod pa sa pagkakaroon ng limitadong kita at resources, maaaring itanong sa iyo ang mga sumusunod:

- Ilang taon ka na?
- Buntis ka ba?
- Ikaw ba ay bata na wala pang 19 taong gulang? O ikaw ba ay magulang o taga-alaga ng isang batang may Medicaid?
- Mayroon ka bang kapansanan?
- Bulag ka ba?
- Ikaw ba ay isang U.S. citizen o imigrante na tumutupad sa ilang requirements?

**Paunawa**: Kahit na mukhang humihigit ang iyong kinikita sa mga level ng kita sa iyong estado para sa Medicaid, maaaring kwalipikado ka sa ilalim ng mga patakaran ng Medicaid sa spend down, na nakalarawan sa polyetong ito.

## ANO ANG BABAYARAN KO?

Depende sa mga patakaran ng iyong estado, maaaring kailangan mong magbayad ng maliit na bahagi ng gastos (tulad ng isang copayment) para sa ilang mga medikal na serbisyo. Kung kwalipikado ka para sa kapwa Medicare at Medicaid, ang karamihan ng iyong mga gastos sa health care ay isasakop, at awtomatiko kang makakakuha ng Karagdagang Tulong sa pagbayad ng mga de-resetang gamot.

## ANO ANG SINASAKOP?

Karaniwang sinasakop ng Medicaid ang sumusunod:

- Mga serbisyo ng ospital para sa inpatient
- Mga serbisyo ng ospital para sa outpatient
- Mga serbisyo na may kinalaman sa pagbubuntis
- Mga bakuna para sa mga bata
- Mga serbisyo ng doktor
- Mga serbisyo ng nursing facility para sa mga taong 21 taong gulang o mas matandâ
- Mga serbisyo at supplies sa pagpaplano ng pamilya
- Mga serbisyo ng rural health clinic
- Home health care para sa mga taong kwalipikado para sa mga serbisyo ng skilled nursing facility
- Mga serbisyo ng laboratoryo at x-ray
- Mga serbisyo ng pediatric at family nurse practitioner
- Mga serbisyo ng nurse-midwife
- Mga serbisyo ng federally-qualified health center (FQHC).
- Mga serbisyo ng maaga at pana-panahong screening, diagnostic, at paggamot para sa mga bata na wala pang 21 taong gulang
- Mga kinakailangang transportasyon papunta sa at pabalik mula sa medical providers

**Paunawa**: Maaaring magpasiya ang mga estado na magsakop ng iba pang mga serbisyo higit pa sa mga nakalista sa itaas. Humingi sa opisina ng iyong State Medical Assistance (Medicaid) ng mismong listahan ng sinasakop ng iyong estado. Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) upang kunin ang kanilang telepono. Ang mga tagagamit ng TTY users ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048. O kaya'y bisitahin ang www.medicare.gov/contacts at hanapin kung sino ang makokontak sa opisina ng Medicaid sa iyong estado.

## ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

Kung tinanggihan ka ng Medicaid benefits at hindi ka sumasang-ayon sa desisyon na ito, maaari kang mag-apela at humingi ng isang fair hearing. Ang mga taong may Medicaid ay may karapatan sa pagpapanatiling pribado ng kanilang medikal na impormasyon. Iniaatas ng pederal na batas sa Medicaid na isakop at asikasuhin ang lahat ng mga medikal na kinakailangang serbisyo sa health care para sa lahat ng mga bata na kwalipikado para sa Medicaid, kahit na hindi karaniwang sinasakop ng Medicaid program ng estado ang mga serbisyo.

## ANO ANG IBIG SABIHIN NG "SPEND DOWN"?

Sa ilalim ng proseso ng "spend down", pahihintulutan ka ng ilang mga estado na maging kwalipikado para sa Medicaid bilang isang "medically needy", kahit na sobra ang iyong kinikita upang maging kwalipikado. Pahihintulutan ka ng proseso na ito na mag-"spend down" o ibawas ang iyong mga medikal na gastos (tulad ng gastos ng pangangalaga sa ospital o mga pagpunta sa doktor) mula sa iyong kita upang maging kwalipikado para sa Medicaid. Maaari nitong ibabá ang iyong kita upang gawin itong mas mababâ sa maximum na halaga na pinahihintulutan ng Medicaid program ng iyong estado. Upang maging kwalipikado bilang isang "medically needy", ang iyong mga masusukat na resources (tulad ng savings accounts at certificates of deposits) ay dapat din mas mababâ sa halaga ng resource na pinahihintulutan sa iyong estado.

## SAAN AKO MAKAKAKUHA NG KARAGDAGANG IMPORMASYON?

Upang makakakuha ng mga makakatulong na telepono at mga Website para
sa mga organisasyon sa ibabâ, bisitahin ang www.medicare.gov/contacts, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga tagagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.

- Upang malaman kung ikaw ay kwalipikado, tawagan ang opisina ng iyong State Medical Assistance (Medicaid). Gamitin ang website sa itaas at hanapin ang organisasyon.
- Para sa libreng health insurance counseling at personal na tulong sa mga katanungan ukol sa insurance, tawagan ang iyong State Health Insurance Assistance Program (SHIP).
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Medicaid program, bisitahin ang www.cms.gov/home/medicaid.asp.

## MGA PAUNAWA

CENTERS for MEDICARE & MEDICAID SERVICES

CMS Produkto Blg. 11409-T (Tagalog)
Binago noong Marso 2011